THE LORD'S FLOCK
GROWTH DIGEST
PASTORAL GROWTH SERIES

## Ang Pagbabasbas ng Bahay

Sis. Techie Rodriguez,Elder-Founder
*Nov. 11, 2020*

Ang bendisyon ay isang kagandahang loob at proteksyon ng Diyos. Pagkamasunurin sa Kanyang mga utos ang tanging susi para makamit ang Kanyang bendisyon. Ibabantog Niya tayo sa lahat ng bansa kung sumusunod tayo sa Kanyang mga pangaral, (Deut. 28:1-2). Kung kumakatok ang Diyos sa ating tahanan, tanggapin natin Siya (Pahayag 3:20), at bibiyayaan Niya ng kapayapaan at kagalakan ang lahat ng bahagi ng ating bahay (Awit 127:1-2).

**Paano natin matatanggap ang mga biyaya ng Diyos?**

**1. Sa pinto ng ating bahay**
Babasbasan Niya tayo at ang ating mga panauhin kung tatanggapin natin Siya sa ating puso at sa ating bahay (Deut. 28:6). **Panalangin:** "Amang Diyos, protektahan Mo ang aming paglabas at pagpasok; maibahagi nawa namin ang kagandahang loob ng bahay na ito.Ang lahat na papasok dito nawa'y maramdaman nila ang iyong pag-ibig at kapayapaan."

**2. Sa ating Pamilya**
Pagpapalain Niya ang iyong mga anak (Deut. 28:4; Awit 127:3)." Ako at ang aking angkan ay sa Diyos lamang maglilingkod" (Josue 24:15).

**3. Sa ating hanapbuhay**
Pinagpapala ng Diyos ang lahat ng ating gawain kung tayo'y sumusunod sa Kanyang mga utos (Deut. 28:12-13).

**4. Sa ating basket, pagkain at *bank account***
Binibiyayaan ng Diyos ang ating basket (Deut 28:5). Hindi tayo mangungutang bagkus, tayo pa ang magpapahiram (Deut 28:12).

**5. Sa ating mga kaaway**
Ipalulupig ng Diyos ang ating mga kalaban (Deu.t 28:7). Ipadadala Niya ang Espiritu Santo para tayo'y ipagtanggol.

**6. Sa ating salas**
Pinagpapala Niya tayo sa lupaing pagdadalhan Niya sa atin (Deut. 28:8). Tanggapin natin ang mga dukha sa ating tahanan (Rom16:16).

**7. Sa ating kusina**
Ayon sa Awit 145:15: "Lahat ng mga buhay ay tanging si Yaweh ang inaasahan, Siya'y nagdudulot ng pagkain nilang kinakailangan."

**8. Sa ating silid kainan**
Ang mga matuwid ay hindi pinababayaan ng Diyos. Ang ating mga anak ay hinding-hindi magkukulang (Awit 37:25).

**9. Sa ating silid tulugan**
Ipagkatiwala sa Diyos ang lahat ng ating kabalisahan (1Pet 5:7), para mapayapa ang ating paghimlay (Awit 4:8).

**10. Sa ating silid-aralan at silid dasalan**
Binibiyayaan ng Diyos ang sinumang mag-aaral at magninilay sa Kanyang mga salita (Josue 1:8; 2Tim.2:7).

**11. Sa ating Paliguan**
Binibiyayaan tayo ng Diyos kung pinapanatili natin ang ating kabanalan, at ating iniaalay ang sarili bilang handog na buhay (Rom. 12:1).

**12. Sa ating labahan**
Walang sabon ang makapag-aalis sa mantsa ng ating pagkakasala (Jer. 2:22). Dapat hubarin natin ang dating pagkatao, at magbago na ng diwa at pag-iisip (Efeso 4:22-24).

**Konklusyon:** Lahat tayo ay nilikha ng Diyos para sa sa Kanyang kasiyahan. Nilikha Niya tayo para may magsilbi sa Kanya. At, bibigyan Niya tayo ng ganap na kapayapaan sa Kanyang kanlungan.

**Pagninilay:**

1. Anong aspekto ng buhay mo ang dapat mong isuko sa Diyos?
2. Anong bahagi ng iyong bahay ang kailangan ialay sa Poong Maykapal?

**Isinalin ni:** Sis. Nida Cruz
**Na-edit at inaprobahan ni:** Sis. Vera I. Tuplano
**For more teachings, visit our website:**
https://lordsflock.org/teachings/readingmaterials